## Paano Nabubuo ang Isang Batas?

May pinagdadaanang proseso ang isang panukalang-batas bago ito tuluyang maging batas para maipatupad sa ating bansa. Ang bawat panukalang-batas na pinagtibay ng Kongreso ay dapat sumaklaw ng isang paksa lamang na dapat nakalahad sa pamagat nito.

Ang isang panukalang-batas ng anumang kapulungan ay pinagtitibay sa tatlong pagbasa sa magkakahiwalay na araw. Tatlong araw bago mapagtibay ito ay ipinag-uutos ang pamamahagi ng nakalimbag na kopya nito sa mga kagawad ng kapulungan.

Ang bawat panukalang-batas na mapagtitibay ng Kongreso ay ihaharap sa pangulo bago maging batas. Lalagdaan ito ng pangulo kung sinasang-ayunan niya ito. Kung hindi naman, ipaiiral niya ang kapangyarihang betohan ito at ibalik sa Kongreso. Kinikilala ito bilang veto power. Kalakip nito ang kanyang mga tutol laban sa panukalang-batas upang muling talakayin ang mga ito.

**Bilang ng mga Salita: 130**

**(Inocencio, et. Al, Pilipinas: Ugat ng Lahing Pilipino 5 (2006). Wizard Publishing Hawe, Inc. Tarlac, Tarlac)**

**Mga Tanong:**

**1. Alin sa sumusunod ang nagsasabi tungkol sa isang panukalang batas? (Literal)**
a. Nilalagdaan ito ng pangulo bago ito pinagtitibay.
b. Kasama ang pangulo sa pagtitibay nito sa Kongreso.
c. Maaaaring tutulan ito ng pangulo bago maging batas.
d. Hinaharap ito sa pangulo bago pinagtitibay ng Kongreso.

**2. Alin sa sumusunod ang unang nagaganap sa pagbuo ng isang batas? (Literal)**
a. Hinaharap ang panukala sa pangulo upang lagdaan.
b. Ipinapamahagi ang kopya ng panukala sa mga kagawad.
c. Pinagtitibay ang panukala sa tatlong pagbasa sa Kongreso.
d. Ibinabalik ito ng pangulo sa Kongreso kung may mga tutol dito.

**3. Kailan ginagamit ng pangulo ang kanyang kapangyarihang betohan ang isang panukalang-batas ? (Paghinuha)**
**Ginagamit ng pangulo ang veto power kapag ____________________ .**
a. sang-ayon siya sa panukalang batas
b. hindi sang-ayon ang Kongreso sa panukalang batas
c. may mga dahilan siyang tutulan ang panukalang batas
d. hindi ipinagtibay ng tatlong beses ang panukalang batas

**4. Ano ang salitang maaaring kasingkahulugan ng sumaklaw sa ikalawang pangungusap ng seleskyon? (Paghinuha)**
a. bumanggit
b. magsama
c. mag-usisa
d. tumalakay

**5. Ano kaya ang dahilan kung bakit kinailangang makapagpatibay ng mga bagong panukalang-batas? (Paghinuha)**
a. Isinasaalang-alang nito ang ikabubuti ng Kongreso.
b. Kailangan ng batas para sa ikabubuti ng mga mamamayan.
c. Pinagtitibay ang batas para sundin ang panukala ng pangulo.
d. Trabaho ng Kongreso na makabuo at makapaglimbag na batas.

**6. Ano kaya ang mangyayari kapag hindi napagpatibay ang isang batas sa Kongreso? (Paghinuha)**
a. Ito ay hindi maaaring maipatupad.
b. Madadagdagan ang batas na susundin.
c. Ipaaalam na ito sa lahat para ipatupad.
d. Hindi ito lalagdaan ng pangulo bilang pagtutol.

**7. Alin sa sumusunod ang nagsasabi ng pangunahing ideya ng seleksyon? (Paghinuha)**
a. Sa Kongreso nabubuo ang isang batas.
b. Maraming paraan para makabuo ng batas sa Kongreso.
c. May paraang pinagdaraanan ang pagbuo ng bagong batas.
d. Ang isang panukalang batas ay dapat sumaklaw sa isang paksa.

**8. Saang bahagi ng seleksyon matatagpuan ang pangunahing ideya nito? (Pagsusuri)**
**Makikita ito sa ________________ ng seleksyon.**
a. gitna
b. katapusan
c. simula
d. simula at katapusan

**9. Ano ang layunin ng sumulat ng seleksyon? (Pagsusuri)**
a. Hatid nito ang isang balita.
b. Hangad nitong manghikayat.
c. Nais nitong magbigay ng kaalaman.
d. Gusto nitong magbigay ng mungkahi.

**10. Ano ang ginamit ng may-akda ng seleksyon upang ipaabot ang mensahe nito? (Pagsusuri)**
a. Binanggit ang kasaysayan ng pagbuo ng batas.
b. Nakasaad ang mga dahilan ng pagbuo ng batas.
c. Inilarawan ang sanhi bunga ng pagbuo ng batas.
d. Tinalakay ang pinagdaraanan sa pabuo ng batas.

LIVEWORKSHEETS